

Departamento/ Instityut _____
Kolehiyo ng _____
Unibersidad ng Pilipinas (kampus) _____

PROPOSAL PARA SA REKONFIGURASYON/ REBISYON/ INSTITUSYON NG _____ (bilang ng kurso)
_____ (pamagat ng kurso)

A. Deskripsyon sa Katalog ng Kurso

1. Bilang ng Kurso:
2. Pamagat ng Kurso:
3. Deskripsyon ng Kurso:
4. Prerekwisit:
5. Semestre:
6. Kredit:
7. Bilang ng Oras:
8. Mga Layon ng Kurso:

*Ipahayag ang mga layon ng kurso gamit ang mga pandiwang nasa uring pawatas/ inpinitibo (may unlaping ma-). Ang mga layon ng kurso ay kaugnay, ngunit **iba, sa mga inaasahan sa kurso (IK) sa C.1** kung saan inilalahad kung **ano ang nais ng kurso (o ng mga nagtuturo ng kurso) na gawin o maisakatuparan**, samantalang sa mga inaasahang matutunan (IM) naman ay inilalahad kung ano ang inaasahan sa mga mag-aaral na magawa matapos aralin ang kurso. Ang mga layon ng kurso ay isang pangkalahatang pahayag ng naisin na karaniwang binubuo ng isa hanggang dalawang (1-2) pawatas/ inpinitibong sugnay lamang.*

HALIMBAWA (*halaw sa ARKIYOLOJI 1 – Ang Pilipinas: Arkiyoloji at Kasaysayan na itinuturo sa UP Diliman*)

Mga Layon ng Kurso:

Maipaalam ang kaparaanan ng pananaliksik na akriyolohikal upang maging susi ito sa pagkakilala at pagtuklas nang may kritikal na pag-iisip malalim na kasaysayan ng Pilipinas at ugnayan nito sa matanda at malawak na rehiyong kinabibilangan

B. Rasyunal

Ilahad dito kung bakit may proposal para mapasama ang kurso sa programang GE—hal. ang kahalagahan ng kurso. Kung ang kurso ay inirerekomenda para sa rekonfigurasyon upang mapabilang sa bagong GE Program, magbigay ng buod na pahayag ng mga ginawang pagbabago.

C. Balangkas ng Kurso

1. Mga Inaasahan sa Kurso (IK)

Sa pagtatapos ng kurso, ang mga mag-aaral ay inaasahang:

IK 1. (Pandiwang pariralang tumutukoy sa mas mataas na antas ng pagkatuto)....

- IK 2. (Pandiwang pariralang tumutukoy sa mas mataas na antas ng pagkatuto)....
 IK 3. (Pandiwang pariralang tumutukoy sa mas mataas na antas ng pagkatuto)....
 IK 4. (Pandiwang pariralang tumutukoy sa mas mataas na antas ng pagkatuto)....

Ilista dito kung ano-ano ang mga matututunan at mga maaaring magawa ng mga mag-aaral pagkatapos makumpleto ang kurso. Ang listahan ay dapat tumukoy sa makabuluhang pagkatuto na matatamo ng mga mag-aaral mula sa kurso na naipapahayag sa anyo ng nao-observehang pag-uugali sa pagkatuto (hal. pag-uugali ng mag-aaral na nagpapakita ng napaunlad na kaalaman, kasanayan, at/ o disposisyon/ asal). Ang listahan ay dapat nakabuod, tumutukoy sa inaasahang mas mataas na antas ng pagkatuto (kaibayo sa mga antas-gampanin na inaasahang matutunan) – halimbawa, talakayin, analisahin, tasahin o masusing suriin, integrasyon o sintesis. Ang karaniwang bilang ng mga inaasahang matutunan (IM) sa kurso ay tatlo hanggang lima (3-5).

HALIMBAWA (halaw sa PAN PIL 19 – Sexwalidad, Kasarian at Panitikan na itinuturo sa UP Diliman)

Sa pagtatapos ng kurso, ang mga mag-aaral ay inaasahang:

- IK 1. Matalakay ang mga batayang konsepto ng panitikan, kasarian at seksuwalidad;
 IK 2. Masuri ang mga konsepto at usaping pangkasarian at seksuwalidad bilang mga diskursong panlipunan gamit ang mga akdang pampanitikan; at
 IK 3. Madalumat ang nagbabagong konsepto ng seksuwalidad at kasarian sa iba't ibang yugto ng kasaysayan at kondisyong panlipunan sa pamamagitan ng pagbabasa ng mga piling akdang pampanitikan

1.1 Pagtugon ng Kurso sa mga Layunin ng GE

Isinasaad ng nirebisang GE Framework na ang kurso ay dapat nakatutugon o nakapag-aambag ng apat mula sa limang mga layunin ng programang GE. Sa bahaging ito ng proposal, ilahad sa anyo ng pangungusap kung anong mga layon ng programang GE ang natugunan ng kurso at paano ito natugunan. At sa talahanayan sa ibaba, ilagay (sa pamamagitan ng pagkukulay ng itim sa mga angkop na kahon) ang mga layon ng GE na kinauugnayan o natutugunan ng bawat inaasahan sa kurso (IK).

Mga Inaasahan sa Kurso (IK)	Mga Layunin ng GE*				
	A	B	C	D	E

*A Mapalawak ang intelektuwal at kultural na mga pananaw

B Mapanday ang mapanuri at malikhaing pag-iisip

C Mapasidhi ang pagnanais na matuto at mapalalim ang karunungan

D Malinang ang mataas na antas ng intelektuwal at moral na integridad

E Mapatatag ang pagtatalaga sa pagkamakabayan at katarungang panlipunan

*A. Mapalawak ang intelektuwal at kultural na mga pananaw. Gagamitin sa kurso ang iba't ibang mga teksto bilang lunsaran ng iba't ibang intelektuwal at kultural na diskurso sa pagtiyak at pag-unawa ng oryentasyong Filipino.

B. Mahasa ang kritikal at malikhaing pag-iisip. Tatalakayin at susuriin ng mga mag-aaral ang iba't ibang kritikal at malikhaing akda na may kinalaman sa wikang Filipino, sa Pilipinas, at sa mga Filipino.

C. Mapaunlad ang masidhing pagnanasa para sa pagkatuto at pagtuklas ng karunungan. Mula sa sariling danas, kailangang lumabas ang mga mag-aaral sa mas malawak na ugnayan ng wikang Filipino sa pagpapalitaw at pag-aaral ng iba't ibang lokal na karununganang nagmumula sa iba't ibang disiplina.

D. Malinang ang mataas na pagpapahalaga sa intelektuwal at moral na integridad. Sa paglinang ng mapanuri at malikhaing pagsulat partikular sa mga usaping may kinalaman sa mga Pilipino, mas dumaranas ang mga mag-aaral ng intelektuwal at moral na pagpapasiya hinggil sa mga iskolarli at maka-Pilipinong pagdulog at pamamaraan.

E. Mapatatag ang pagpapahalaga/ komitment sa nasyonalismo at katarungang panlipunan. Bilang pambansang wika, nagsisilbing daluyan ang wikang Filipino sa anumang pagdidiskurso ng makabayang talastasan.

HALIMBAWA (halaw sa FIL 18 - *Oryentasyong Filipino sa Akademikong Pagsulat na itinuturo sa UP Diliman*)

Mga Inaasahan sa Kurso (IK)	Mga Layunin ng GE*				
	A	B	C	D	E
IK 1. Matalakay ang kahalagahan, kabuluhan, at gamit ng oryentasyong Filipino sa akademikong pagsulat					
IK 2. Makabuo ng iba't ibang anyo ng mga sulating akademiko na may oryentasyong Filipino sa kontekstong lokal at global					
IK 3. Masuri ang mga isyu o usapin tungkol sa pagbubuo ng oryentasyong Filipino sa pamamagitan ng akademikong pagsulat					

2. Nilalaman ng Kurso

Ilagay ang mga pangunahing paksa ng kurso para sa mga gawaing pangklase. Ito ay dapat na nasa anyong balangkas (outline) at wala sa talahanay. Ang oras ng paksa ng kurso ay hindi kinakailangang ilagay.

Mga Paksa ng Talakayan

- I.
- A.
- B.
- II.

3. Saklaw ng Kurso

Ang talahanayan sa ibaba ay isang pahalang na silabus na naglalaman ng kabuuang ideya ng magiging daloy ng kurso. Ipinakikita nito ang pagkakasunod-sunod ng mga paksa ng kurso (sa kolum 3) gayundin ang iskedyul at ang itatagal ng pagtalakay ng bawat paksa ayon sa bilang ng linggo na magugugol para rito sa loob ng isang termino o semestre (sa kolum 1).

Sa kolum 2, isulat ang mga inaasahang matutunan (IM) sa bawat paksa—i. e. ano-ano ang mga dapat malaman at mga maaaring magawa ng mga mag-aaral (sa anyo ng pag-uugali ng pagkatuto) pagkatapos makumpleto ang paksa. Tandaan na iba ito sa mga inaasahan sa kurso (IK) na nakalista sa C.1 sa itaas.

Sa kolum 4, ilahad ang mga pangunahing o susing tanong na tuon ng bawat paksa at inaasahang masagot ng mga mag-aaral pagkatapos aralin ang paksa.

Sa kolum 5, ilagay kung paano ituturo ang bawat paksa. Ang mga paksa ay karaniwang tinatalakay gamit ang kombinasyon ng mga aktibidad ng pagtuturo at pagkatuto. Ang mga sumusunod ay halimbawa ng mga gawain ng pagtuturo at pagkatuto: lektura-talakayan, panonood ng pelikula o video na susundan ng malayang talakayan, Socratic na pagtatanong, gawain para sa pangmaliit na grupo, paglutas ng suliranin, pagsasanay sa pagsulat o palihan, pagmamapa (kabilang ang pagmamapa ng konsepto/ concept mapping), role-play, estrukturadong debate, labbay-aral (kabilang ang virtual na labbay-aral), wiki writing o kolaboratibong pagsusulat, at WebQuest.

Sa kolum 6, ilagay kung paano tatasahin ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa bawat paksa o kalipunan ng mga paksa ay tatasahin. Kabilang sa mga uri at halimbawa ng mga gamit o gawain sa pagtatasa ay ang mga susumusunod:

Pagsusulit: mahabang pagsusulit, pang-midterm na pagsusulit, pinal na pagsusulit

Papel: komentaryo, kritika, reaksyong papel, posisyong papel, ulat, rebyu na panliteratura, case study

Presentasyon: slide presentation, pagdedemonstra, eksibit

Proyekting digital: blog post, audio podcast, video recording, website, class wiki

Ang mga aktibidad sa pagkatuto at maging sa summative assessment ay maaaring indibidwal o kolaboratibo.

Sa kolum 7*, ilagay ang pangunahing babasahin o anumang kagamitan sa pagkatuto na dapat aralin ng mga mag-aaral para sa bawat paksa (hal. partikular na artikulo mula sa journal o kabanata ng aklat, partikular na koleksyon ng obra). Maaari ring hindi na ilagay ang kolum na ito at sa halip ay ilalagay na lang ang lahat ng mga babasahin sa bahaging Sanggunian sa dulo ng proposal.

Linggo	Mga Inaasahang Matutunan (IM)	Paksa	Mga Susing Katanungan	Mga Mungkahing Gawain sa Pagtuturo at Pagkatuto	Mga Mungkahing Instrumento ng Pagtatasa	Sanggunian sa Kurso*

(Paalala: Ang talahanayang ito ay dapat ilimbag nang nakapahalang)

4. Batayan sa Paggagrado

Ito ay buod na lista ng mga pangunahing kahingian para maipasa ang kurso, kabilang ang kagamitan sa binuod na pagtatasa/ summative assessment tools na nakalista sa kolum 6 ng talahanayan ng Saklaw ng Kurso (sinundang bahagi).

HALIMBAWA (halaw sa Pan Pil 17 – Panitikan at Kulturang Popular na itinuturo sa UP Diliman)

1. Pang-midterm at pinal na pagsusulit
2. Mga maiikling kritikal na papel
3. Mga maiikling repleksyong papel
4. Pangunahing kritikal na papel
5. Pangkatang proyekto

D. Mga Sanggunian

Ilista dito ang mga sanggunian kung saan maaring hanguin ng tagapagturo ang mga takdang-babasahin at kung saan nila maaring ibatay ang kanilang lektura at iba pang aktibidad-pangklase. Ang listahan ng sanggunian ay dapat naglalaman ng mas maraming bago/naiakma sa panahon (updated) na mga materyal (mga nailimbag sa nakaraang limang taon).

E. Listahan ng kaguruan na magtuturo ng kurso

Pakilista (ayon sa ranggo, pangalan, pinakamataas na inabot na pinag-aralan) sa alpabetikal na pagkakasunod-sunod ang kaguruan na magtuturo ng kurso. Ang mga instuktor at lekturer ay hindi kabilang sa listahan.

Kung kinakailangan, maglagay din ng listahan ng kaguruan na maaring gawing resource person para sa mga espesipikong na bahagi ng kurso.